


# SULAT KAY FILEMON

May aliping nagngangalang Onesimo si Filemong taga-Colosas. Isang karaniwang pangalan ito ng isang alipin dahil "May silbi" ang ibig sabihin ng Onesimo (11). Tumakas si Onesimo at nakarating sa Roma na umaasang hindi na siya makikita sa karamihan ng tao. Nagkataon man o kaya'y pinalad, nakatagpo niya si Pablo na nakilala niya sa bahay ng kanyang amo. Noo'y nakabilanggo si Pablo sa Roma pero may mga pribilehiyo siya kaya malaya siyang nakalalabas kasama ang isang pulis. Sumampalataya si Onesimo at bininyagan; at pinabalik siya ni Pablo sa kanyang amo, dala ang sulat ng rekomendasyon na mababasa natin dito.

Hinihingi ni Pablo na ituring na kapatid ang alipin, at iminumungkahi pa na palayain ang alipin (b. 15-16 at 21).

Nakita na natin ang payo na ibinibigay ni Pablo sa mga alipin sa Col 3:22. Sa mga unang taong iyon ng Iglesya, parang isang napakalaking pribilehiyo ang magkaroon ng buhay kay Kristo na naghahatid ng lubos na kalayaan ng kalooban kayat hindi gaanong pinahahalagahan ang pagiging alipin o malaya (tingnan 1 Cor 7:17).

Hindi naisip ninuman nang panahong iyon na posibleng baguhin ang estruktura ng lipunan: may mga alipin at laging magkakaroon ng mga alipin. Kakaunti ang mga Kristiyano at walang anumang impluwensiya. Kaya hindi nila problema ang baguhin ang lipunan o kaya'y ang mga batas na susugpo sa pang-aalipin. Ngunit bago pa man kinailangang pag-isipang baguhin ang mga batas, laban na ang pananampalataya sa pagtrato sa mga alipin bilang "mga gamit" o mas mababang klase ng tao. Dahil sa pagiging mga Kristiyano, kusang iwinaksi ng dumaraming mga amo – sa Iglesya – ang kanilang mga karapatan at binigyan ng kalayaan ang kanilang mga alipin.

*Marami ang nag-aakala na walang kinalaman ang pamayanang Kristiyano tungkol sa kanilang mga responsabilidad sa lipunan. Ngunit nakikita natin dito kung paanong pinakikibahagi ni Pablo ang buong pamayanan sa problema ni Filemon.*

1 Bati ni Pablo, na bilanggo para kay
Kristo Jesus, at ni Timoteo na ating
kapatid, kina Filemon na aming minama-
hal na kapwa manggagawa 2 at Apia na
aming kapatid at Arkipo na aming kapwa
kawal, pati ang Iglesyang nasa kanilang
bahay:

3 Sumainyo ang *kagandahang-loob* at
kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama
at mula sa Panginoong Jesucristo.

4 Nagpapasalamat ako sa aking Diyos
at lagi kitang binabanggit sa aking mga
pananalangin. 5 Nababalitaan ko ang
iyong pagmamahal sa lahat ng mga banal
at ang pananampalatayang taglay mo
para sa Panginoong Jesus. 6 Mamunga
nawa ang iyong pakikisama sa pana-
nampalataya, ng pagkaalam sa lahat ng
kabutihang nasa atin para kay Kristo.
7 Talagang natuwa ako nang husto at nasi-
yahan sa iyong pagmamahal; pinagin-
hawa mo nga ang kalooban ng mga banal
na kapatid.

8 Mayroon man akong lakas ng loob
kay Kristo upang iutos sa iyo ang nara-
rapat, 9 magsusumamo pa rin ako sa iyo
alang-alang sa pagmamahal. Oo, si
Pablo, na matandang tao, at ngayo'y isa
ring bilanggo para kay Kristo Jesus 10 ang
nagsusumamo sa iyo para sa aking anak,
na naging akin sa pagkakabilanggo ko, si
Onesimo. 11 Noong dati wala siyang silbi
para sa iyo. Pero ngayon may silbi na siya
para sa iyo at para sa akin. 12 Pinababalik
ko siya sa iyo, siya na bahagi ng aking
puso. 13 Napag-isipan kong panatilihin
siyang kasama ko, upang maglingkod sa
akin sa ngalan mo habang nakabilanggo
ako alang-alang sa ebanghelyo. 14 Subalit
hindi ko gustong gumawa ng anumang
hakbang nang wala kang pasya: huwag
sanang maging sapilitan ang ipagkaka-
loob mo sa akin, kundi bukal sa iyong
kalooban.

15 Marahil nga'y ito ang dahilan kung
bakit siya pansamantalang nawalay sa
iyo, upang tanggapin mo siya nang
pirmihan. 16 Hindi na bilang alipin kundi
higit pa sa alipin, isang mahal na kapatid,
lalo na para sa akin at lalong higit pa para
sa iyo, maging sa laman o sa Panginoon.
17 Kung kasama mo nga ako, tanggapin
mo siya bilang ako. 18 At kung nagkamali
man siya sa iyo sa anumang bagay, o
nagkakautang, ilista mo ito sa akin.
19 Ako, si Pablo, ang may sulat-kamay
nito, ako ang magbabayad – huwag na
nating sabihing utang mo sa akin ang iyo
mismong sarili. 20 Oo, kapatid, umaasa
ako sa tulong mo sa Panginoon. Paginha-
wahin mo ang aking loob kay Kristo.

21 Nagtitiwala ako sa iyong pagsunod
sa pagsulat ko sa iyo; batid kong higit pa
sa hinihingi ko ang gagawin mo. 22 At
kasabay nito ipaghanda mo rin ako ng
matutuluyan, sapagkat umaasa akong
bumalik sa inyo sa tulong ng inyong mga
panalangin.

23 Binabati ka ni Epafras na kasama
kong bilanggo kay Kristo Jesus, 24 at nina
Marcos, Aristarko, Demas at Lucas na
aking mga kapwa manggagawa.

25 Sumainyo ang kagandahang-loob ng
Panginoong Jesucristo.